*pag-asa*

# Pundasyon ng Ating Pag-asa

WEEK 1

## WARM-UP

- Ano ang naiisip mo tungkol sa pag-asa? Paano mo ilalarawan ang ideya ng pag-asa sa isang tao?
- Isipin ang isang radikal na karanasan na bumago sa pananaw mo sa isang bagay o isang tao. Ano ang nangyari?
- Magkwento tungkol sa isang kaibigan o kamag-anak na nalagay sa isang tila napakaimposibleng sitwasyon. Anong klaseng tulong kaya ang kailangan niya?

## WORD

*[18]Kahit na wala nang pag-asang maging ama si Abraham, nanalig pa rin siyang magiging ama siya ng maraming bansa; gaya nga ng sinabi ng Dios sa kanya, "Magiging kasindami ng bituin ang bilang ng mga anak mo." [19]Mag-iisang daang taong gulang na siya noon. Alam niyang matanda na siya at mahina na ang katawan. Alam din niyang si Sara ay baog at hindi maaaring magkaanak. Ganoon pa man, hindi nanghina ang kanyang pananampalataya. [20]Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Dios, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya. Pinapurihan niya ang Dios [21]dahil lubos siyang umasa na tutuparin ng Dios ang kanyang pangako.*

**ROMA 4:18–21**

(Basahin din ang **ROMA 4:13–16, 22–25.**)

Sa sulat niya sa mga taga-Roma, binalikan ni apostol Pablo ang naging paglalakbay sa pananampalataya at pag-asa ni Abraham. Nakatanggap si Abraham ng pangako galing sa Diyos na pinili niyang paniwalaan, kahit na mukha itong imposible. Alam niyang kaya at ginagawa ng Diyos ang mga bagay na hindi kayang gawin ng iba, kasama na rito ang pagbuhay sa mga patay at paglikha ng mga bagay na wala pa (Roma 4:17). Tulad nito, makakapili tayo kung saan natin huhugutin ang ating pag-asa at kung sino ang ating paniniwalaan. Ngayon, tatalakayin natin ang tatlong aral mula sa buhay ni Abraham upang mas maunawaan ang pundasyon ng ating pag-asa bilang mga mananampalataya.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapakita Niya ng pag-ibig at kapangyarihan sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesus sa krus, at pati na rin sa bawat araw ng iyong buhay. Hilingin sa Kanya na tulungan kang makita Siya nang malinaw at makilala ang Kanyang ginagawa sa iyong buhay.
- Ipanalangin na tulad ni Abraham, magawa mong manalig nang lubos sa Diyos at maging ganap na kumbinsido sa kung sino Siya at kung ano ang kaya Niyang gawin.
- Ipanalangin na maging buo ang loob mo na ipakita ang mga pagbabagong ginagawa ni Jesus sa iyo, upang makita ng iba ang gawa ng Diyos at mahikayat silang lumapit sa Kanya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Maaari tayong umasa kahit tila wala nang pag-asa kung tayo ay may pananampalataya sa Diyos.

*[18]Kahit na wala nang pag-asang maging ama si Abraham, nanalig pa rin siyang magiging ama siya ng maraming bansa; gaya nga ng sinabi ng Dios sa kanya, "Magiging kasindami ng bituin ang bilang ng mga anak mo." [19]Mag-iisang daang taong gulang na siya noon. Alam niyang matanda na siya at mahina na ang katawan. Alam din niyang si Sara ay baog at hindi maaaring magkaanak. Ganoon pa man, hindi nanghina ang kanyang pananampalataya.* **ROMA 4:18–19**

Paano tayo magkakaroon ng pag-asa kahit mukhang imposible ang ating kalagayan? Maaaring mahirap at nakakadismaya ang mga sitwasyon, ngunit nananatili ang katotohanan ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos. Maaari tayong umasa at manalig sa Diyos dahil kaya Niyang gawin ang mga imposible. Sa anong bahagi ng iyong buhay natutunang magtiwala sa Diyos at manalig nang buo sa Kanya? Sa tingin mo, paano ito naging posible?

## 2 Maaari tayong magkaroon ng pananampalataya sa Diyos dahil kaya Niyang tuparin ang Kanyang ipinangako.

*[20]Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Dios, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya. Pinapurihan niya ang Dios [21]dahil lubos siyang umasa na tutuparin ng Dios ang kanyang pangako.* **ROMA 4:20–21**

Si Abraham ang ating halimbawa sa pananampalataya dahil hindi siya nag-alinlangang maniwala sa pangako ng Diyos. Sa halip, lubos siyang kumbinsido sa katapatan at kakayahan ng Diyos na tuparin ang Kanyang ipinangako. Sa Diyos dapat natin hinuhugot ang ating pag-asa at hindi sa ibang bagay o tao. Maaari tayong magpatuloy na umasa sa halip na mamuhay nang walang pananampalataya dahil ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga pangako. Anu-ano ang mga bagay na natutukso tayong paniwalaan, sa halip na maniwala sa Diyos? Paano natin magagawang makilala ang katangian ng Diyos at mas magtiwala sa Kanya araw-araw?

## 3 Ang ating pananampalataya sa Diyos ay nakasalalay kay Cristo na muling nabuhay.

*[22]Kaya nga, itinuring ng Dios na matuwid si Abraham dahil sa kanyang pananampalataya. [23]Pero ang katagang, "itinuring na matuwid," ay hindi lamang para kay Abraham, [24]kundi para rin sa atin. Tayo rin ay itinuturing ng Dios na matuwid kung sumasampalataya tayo sa kanya na muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus. [25]Pinatay si Jesus dahil sa ating mga kasalanan, at muling binuhay para tayo'y maituring na matuwid.* **ROMA 4:22–25**

Tayo ngayon ay may mas malinaw na pagkaunawa sa plano ng Diyos para sa kaligtasan, at ang pananampalataya ni Abraham sa Diyos ay isang halimbawa para sa atin. Naniwala si Abraham sa Diyos kahit na hindi pa niya nakita ang mga bagay na alam natin ngayon. Nakasalalay ang ating pananampalataya kay Cristo na nabuhay muli. Siya ang patunay na kaya at gagawin ng Diyos ang Kanyang mga ipinangako. Kung tayo ay mga mananampalataya, wala tayong ibang matibay na masasandalan kundi si Cristo na muling nabuhay. Ano sa tingin mo ang mangyayari kung mananampalataya tayo sa ibang bagay o tao?

## APPLICATION

- Maglaan ng oras ngayong linggo upang basahin at pag-isipan ang mga sinasabi sa aklat ng Roma. Habang binabasa mo ito, hilingin sa Diyos na bigyan ka ng karunungan at pang-unawa upang maintindihan at sundin ang Kanyang salita. Ipagdasal na patuloy kang manalig kahit pa tila imposible ang mga sitwasyong kinakaharap mo.
- Sa iba't ibang sitwasyon at pagsubok, ano ang mga nagbibigay sa iyo ng pag-asa o kawalan ng pag-asa? Paano ka mananalig sa Diyos ngayon at sa araw-araw?
- Isipin at ipagdasal ang iyong mga kaibigan o kapamilya na nangangailangan ng pag-asa at lakas ng loob ngayong linggo. Paano mo sila matutulungang manampalataya sa Diyos?